

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inilulunsad ng Lungsod ang Libreng Pamasaha sa Brampton Transit para sa mga Residente na Senior simula sa Pebrero 28

BRAMPTON, ON (Pebrero 14, 2022) – Simula sa Pebrero 28, ang mga senior na residente ng Brampton ay pwedeng sumakay sa Brampton Transit nang walang bayad gamit ang Brampton Senior Identification Card at isang PRESTO card na kinargahan ng taunang libreng pass.

Tulad ng naaprubahan sa 2020 Badyet, ang libreng taunang pass ay magbibigay ng unlimited na pagbibiyahe para sa mga senior ng Brampton nang walang bayad sa Brampton Transit.

Hindi na ibebenta ng Brampton Transit ang \$15 na buwanang pass ng senior na residente o mag-aalok ng \$1 na cash na pamasaha ng senior na residente. Ang lahat ng hindi senior na residente ay makapagpapatuloy sa paggamit ng kanilang mga PRESTO card at bayaran ang senior e-purse na pamasaha sa halagang \$1.60.

Committed ang Brampton Transit sa pagbibigay ng abot-kaya at sustenableng transportasyon. Ang libreng Brampton Transit pass para sa mga senior ng Brampton ay sumusuporta sa Termino ng mga Prayoridad ng Konseho at pinapadali ang paggamit ng transit para sa mga matatanda sa Brampton.

Ang libreng pass ay nagmula sa tagumpay ng \$15 buwanang pass ng senior na residente na sinimulan noong Setyembre 2019, na nagbunga sa pagtaas ng bilang ng mga senior na kumukuha ng ID Card ng mga Senior sa Brampton.

Para sa mga detalye sa pagiging karapat-dapat at kung saan makukuha ang inyong mga card, bisitahin ang www.bramptontransit.com o tawagan ang 905.874.5120.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki nating ilunsad ang libreng transportasyon para sa mga senior na residente ng Brampton sa Pebrero 28, 2022. Ito ay isang milestone sa pagiging abot-kaya ng transportasyon at pangangalaga sa ating mga senior na residente. Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, at bilang bahagi ng ating 2040 Plan committed tayo sa pagbibigay ng mahusay, abot-kaya at sustenableng transit sa pamamagitan ng ating Brampton Transit network.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang libreng pamasaha sa Brampton Transit para sa mga senior ng Brampton bilang bahagi ng 2020 Badyet, at ang commitment ay nagkabuhay sa taon na ito. Hinihikayat ko ang lahat ng senior na mag-enjoy sa libreng transit at aktibong pamumuhay sa libreng pass sa pamasaha. Nararapat lamang na ang mga senior na sumuporta sa ating komunidad ay makatanggap ng pahinga sa transportasyon.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay nasa misyon na bawasan nang 80% bago lumipas ang 2050 ang greenhouse gas emissions na nalikha ng lungsod. Ang paghahandog ng libreng pamasaha sa mga senior ng Brampton ay isang mahalagang milestone sa abot-kaya at sustenableng transit at pinapasulong ang mga layunin ng Brampton sa climate change, habang nagsisikap tayo na gawing patas ang lahat ng uri ng transportasyon sa ating lungsod.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Member, Environment Advisory Committee; Member, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Transit ay nakatuon sa palagian at naaayong mga pagpapahusay sa ating transit system habang patuloy nating pinapagalaw nang mahusay ang ating mga tao sa buong lungsod. Ito ay isang malaking taon para sa Brampton Transit habang ipinapatupad natin ang libreng pamasaha sa mga senior para sa mga residente ng Brampton at patuloy na makikita ang mga electric bus sa ating mga daan.”

- *Alex Milojevic, General Manager, Brampton Transit*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca